# Mga Sanggunian para sa mga residente ng San Mateo County Naapektuhan ng Tugon sa COVID-19

**MGA SANGGUNIAN NG KOMUNIDAD.** May ilang sangguniang magagamit para matulungan ang mga residente ng San Mateo County na naapektuhan ng tugon sa COVID-19:

- **Second Harvest Food Bank** - Para sa impormasyong tungkol sa mga programa sa grocery at pagkain sa buong County, kontakin ang Food Connection Hotline sa: 800-984-3663 o bisitahin ang https://www.shfb.org/.
- **Mga Programang Tulong sa Publiko** - Para sa mga koneksyon sa Medi-Cal, CalFresh, CalWORKs, at Pangkalahatang Tulong, bisitahin ang www.mybenefitscalwin.org o mag-email sa hsa_ess_questions@smcgov.org o tumawag sa 800-223-8383.
- **Pangkalahatang Impormasyon** - Para sa impormasyon at referral para sa mga serbisyong pangkalusugan at pantao o para sa mga katanungang hindi medikal tungkol sa COVID-19, kontakin ang 211 sa: 2-1-1 (or 800-273-6222) o i-text ang iyong zip code sa: 898211.
- **Mga Ahensiya ng Pangunahing Serbisyo** - Para sa tulong sa mga pangunahing pangangailangang pang-emerhensiya, kontakin ang lokal na Ahensiya ng Pangunahing Serbisyo na naglilingkod sa inyong lugar (tingnan ang talaan sa ibaba). Ang Mga Ahensiya ng Pangunahing Serbisyo ay nagkakaloob ng malawak na hanay ng mga serbisyo, kabilang ang paglilingkod bilang mga access point para sa mga serbisyong kanlungan at walang tirahan; pagbibigay ng mga referral at mga sanggunian para sa mga materyal na produkto, mga programang transportasyon, at pagkain; at para sa mga kwalipikadong residente, maaaring makapagbigay ang Ahensiya ng Pangunahing Serbisyo ng pang-emerhensiyang tulong sa pinansiya upang mapanatili ang kanilang pabahay o matugunan ang iba pang mga esensyal na pangangailangan.

**PROSESO NG PAG-A-APPLY PARA SA PANG-EMERHENSIYANG TULONG SA PINANSIYA.** Kung nangangailangan ka ng pang-emerhensiyang tulong sa pinansiya para makatulong sa mga gastos sa pabahay, mangyaring **mag-apply sa lalong madaling panahon.**

Maaaring kumpletuhin ang aplikasyon sa papel o online. Dapat ilakip ang mga sumusuportang dokumento na may kaugnayan sa iyong sitwasyong pinansiyal o pabahay. **Mangyaring maglakip ng pinakamaraming kinakailangang dokumentong maaari kapag nagsumite ka ng aplikasyon.**

Kapag naisumite na ang isang nakumpletong aplikasyon at **lahat** ng kinakailangang dokumento, ang layunin ng Ahensiya ng Pangunahing Serbisyo ay maiproseso ang aplikasyon sa loob ng humigit-kumulang 2 linggo, bagama't maaaring mas tumagal dito ang panahon ng pagpoproseso.

**Paalala:** Limitado ang mga pondo sa pang-emerhensiyang tulong sa pinansiya, at dapat matugunan ng mga aplikante ang mga pamantayan sa kwalipikasyon at kumpletuhin nila ang proseso ng aplikasyon upang maisaalang-alang.

**SINO ANG MAAARI KONG KONTAKIN PARA SA DAGDAG NA IMPORMASYON?** Tawagan o bisitahin ang website para sa Ahensiya ng Pangunahing Serbisyo na naglilingkod sa inyong lugar para sa dagdag na impormasyon. Para sa higit pang detalye sa proseso ng aplikasyon, mangyaring tingnan ang pahina 2-3.

| Coastside Hope | Daly City Community Service Center | Fair Oaks Community Center | Pacifica Resource Center |
|---|---|---|---|
| 99 Avenue Alhambra<br>El Granada, CA 94018<br>**650.726.9071**<br>https://coastsidehope.org/ | 350 – 90th St., 1st Floor<br>Daly City, CA 94014<br>**650.991.8007**<br>http://www.dcpartnership.org/daly-city-community-service-center/ | 2600 Middlefield Road<br>Redwood City, CA 94063<br>**650.780.7500**<br>https://www.redwoodcity.org/about-the-city/covid-19-housing-resources | 1809 Palmetto Avenue<br>Pacifica, CA 94044<br>**650.738.7470**<br>https://www.pacresourcecenter.org/ |
| Lugar na Pinaglilingkuran: El Granada, Half Moon Bay, Montara, Moss Beach | Lugar na Pinaglilingkuran: Broadmoor, Colma, Daly City | Lugar na Pinaglilingkuran: Atherton, North Fair Oaks, Redwood City, Portola Valley, Redwood Shores, Woodside | Lugar na Pinaglilingkuran: Pacifica |
| **Puente de la Costa Sur** | **Samaritan House** | **Samaritan House South** | **YMCA** |
| 620 North Street<br>Pescadero, CA 94060<br>**650.879.1691**<br>https://mypuente.org/ | 4031 Pacific Boulevard<br>San Mateo, CA 94403<br>**650.347.3648**<br>https://samaritanhousesanmateo.org/ | 1836B Bay Road<br>East Palo Alto, CA 94303<br>**650.294.4312**<br>https://samaritanhousesanmateo.org/ | 1486 Huntington Avenue, Suite 100<br>South San Francisco, CA 94080<br>**650.276.4101**<br>https://www.ymcasf.org/community-resource-center-ymca |
| Lugar na Pinaglilingkuran: La Honda, Loma Mar, Pescadero, San Gregorio | Lugar na Pinaglilingkuran: Belmont, Burlingame, Foster City, Hillsborough, Millbrae, San Carlos, San Mateo | Lugar na Pinaglilingkuran: East Palo Alto,<br>Menlo Park | Lugar na Pinaglilingkuran: Brisbane, San Bruno, South San Francisco |

# Detalyadong Impormasyon sa Pag-a-apply para sa Pang-emerhensiyang Tulong sa Pinansiya Sa Pamamagitan ng Mga Ahensiya ng Pangunahing Serbisyo

## ANO ANG PROSESO NG APLIKASYON?

Upang mag-apply para sa pang-emerhensiyang tulong sa pinansiya, tumawag o magpunta sa website para sa Ahensiya ng Pangunahing Serbisyo na naglilingkod sa inyong lugar ng County (tingnan ang talaan sa pahina 2). Bibigyan ka nila ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa proseso ng pagsusumite ng aplikasyon, anong impormasyon ang kailangan tungkol sa inyong sambahayan at kasalukuyang sitwasyon, at kung aling mga karagdagang dokumento ang kailangan. Mangyaring tandaan na maraming Ahensiya ng Pangunahing Serbisyo ang nag-aalok ng opsyon sa online na aplikasyon, para sa mas mabilis na tugon. Kapag hiniling, maaaring magpadala ng aplikasyon sa papel sa inyong tahanan.

**Mangyaring ilakip sa iyong aplikasyon ang pinakamaraming kinakailangang dokumentong maaari.** Ang mga dokumentong ito ay kritikal na bahagi ng proseso ng aplikasyon upang mapatunayan ang kwalipikasyon. Ang mga aplikasyong may kalakip na mga kinakailangang dokumento ay maaaring mas mabilis na masuri kaysa sa mga aplikasyong walang dokumento.

## ANO-ANONG DOKUMENTO ANG KAILANGANG IPADALA KASAMA NG AKING APLIKASYON?

- **Mga mapagkukunan ng pinansiya**
  - Kung mayroong sinuman sa sambahayan ang kasalukuyang may trabaho, pagpapatunay ng kita sa loob ng nakalipas na 30 araw (mga kamakailang paycheck stub o iba pang pagpapatunay ng kita sa trabaho)
  - Kung mayroong sinuman sa sambahayan na may ibang kita na hindi galing sa trabaho, pagpapatunay ng mga pinagmumulan ng kita na iyon (tulad ng EDD/unemployment, CalWORKs, suporta sa anak, kita sa Social Security)
  - Pagpapatunay ng binawasang oras o pagkawala ng kita dahil sa COVID-19 (liham ng pagtatanggal ng employer sa trabaho, abiso ng pagsasara ng negosyo)
  - Mga kopya ng mga bank statement ng kasalukuyang buwan o ng nakaraang buwan (Unang pahina na naglilista ng buod ng mga account)
- **Impormasyon sa pabahay**
  - Kopya ng inyong kasunduan sa pag-upa, matagalang pag-upa, pag-upa sa nangungupahan, o dokumento sa pag-upa ng silid
- **Pagkakakilanlan**
  - Isang dokumento ng pagkakakilanlan para sa bawat miyembro ng sambahayan (Lisensiya sa Pagmamaneho, pasaporte, permanent resident card, ID sa paaralan, o iba pang dokumento)
  - Kung walang magagamit na dokumento ng pagkakakilanlan para sa mga bata sa sambahayan, maaaring ipaubaya ng Mga Ahensiya ng Pangunahing Serbisyo ang kahingiang ito para sa mga bata
  - Paalala: ang mga dokumentong ito ay ginagamit upang mapatunayan ang pagkakakilanlan; hindi ito ginagamit para sa impormasyon sa pagiging mamamayan o impormasyon sa pagiging residente, sapagkat walang pamantayan sa kwalipikasyon na may kaugnayan sa pagiging mamamayan o pagiging residente
- **Pagpapatunay ng pangangailangan**
  - Pahayag mula sa may-ari ng inuupahan kung magkano ang utang, pabatid ng pagpapaalis, pabatid ng delingkwenteng upa, pagbabayad sa loob ng 3 araw o umalis na lamang

**Kung hindi mo kayang ibigay ang lahat ng dokumento sa oras ng pagsusumite ng aplikasyon, maaari mo pa ring isumite ang iyong paunang aplikasyon, ngunit pakituloy ang pangangalap ng anumang nakabinbing dokumento,** sapagkat aatasan ang Ahensiya ng Pangunahing Serbisyo na kunin ang mga ito sa iyo bago patuluyin ang iyong aplikasyon sa proseso ng pagsusuri. Maaaring humingi ang Mga Ahensiya ng Pangunahing Serbisyo ng karagdagang dokumentasyon, depende sa kalagayan ng aplikante, at kung anong tulong ang hinihingi. Pakikontak ang Ahensiya ng Pangunahing Serbisyo kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa mga hinihinging dokumento.

**ANONG URI NG TULONG ANG PWEDE KONG APLAYAN?** Maaaring humiling ng Pang-emerhensiyang Tulong sa Pinansiya upang makatulong sa pagbabayad ng mga pangangailangang pang-emerhensiya, batay sa mga pamantayan ng kwalipikasyon at pagkakaroon ng magagamit na pondo, kabilang ang upa, tulong sa deposito o mortgage, mga utang o deposito sa utilidad, tulong sa transportasyon tulad ng pagpapaayos o rehistro ng sasakyan kung may kaugnayan sa mga kritikal na pangangailangan, o iba pang mga esensyal na pangangailangan, tulad ng mga gastusing medikal, ayon sa matutukoy sa bawat kaso.

**Limitado ang mga pondo** at ipapamahagi batay sa kwalipikasyon at pagkakaroon ng magagamit na pondo, sa pamamagitan ng mga programa ng Pang-emerhensiyang Tulong sa Pinansiya sa Mga Ahensiya ng Pangunahing Serbisyo, kabilang ang isang bagong programa ng Pang-emerhensiyang Tulong sa Pinansiya sa panahon ng COVID-19.

Para sa mga kwalipikadong aplikante, makatanggap man sila ng tulong o hindi, at kung makatanggap nga sila, ang halaga ng matatanggap na tulong ay nakadepende sa mga salik tulad ng kita, mga mapagkukunan, at mga pangangailangan ng kanilang sambahayan, at sa pagkakaroon ng magagamit na pondo, sapagkat limitado ang pondo. **Paalala:** Hindi direktang ibinibigay ang mga bayad sa mga aplikante, at sa halip ay isasagawa sa mga third party, tulad ng may-ari ng inuupahan, sa ngalan ng mga aprubadong aplikante.

**ANO ANG MGA KAHINGIAN PARA MAGING KWALIPIKADO SA BAGONG PANG-EMERHENSIYANG TULONG SA PINANSIYA SA PANAHON NG COVID-19?** Upang maging kwalipikado at maisaalang-alang sa pang-emerhensiyang tulong sa pinansiya, dapat matugunan ng isang indibidwal o sambahayan ang lahat ng sumusunod na mga pamantayan at makapagbigay sila ng hinihinging dokumentasyon tungkol sa kalagayan ng kanilang sambahayan sa pinansiya at pabahay, nang sa gayon ay masuportahan ang kanilang aplikasyon at maisaalang-alang para sa pagpopondo:

- Maging residente ng San Mateo County; at
- Makapagpakita ng pinansiyal na paghihirap na nagresulta mula sa COVID-19, na dahilan para hindi mabayaran ng inyong sambahayan ang mga pangunahing pangangailangan, tulad ng katibayan ng pagbabawas ng kita; at
- Makapagpakita ng katibayan ng kita ng sambahayan sa nakalipas na 30 araw sa o na mas mababa sa limitasyon sa pagiging kwalipikado ng kita (60% ng Gitnang Kita ng Lugar, halimbawa ay $73,080 para sa isang sambhayang may 1 tao, $93,960 para sa sambahayang may 3 tao); at
- Makapagpakita ng pangangailangang pinansiyal tulad ng liham para sa utang na upa mula sa may-ari ng inuupahan, lampas na sa due date na bayarin sa utilidad o medikal, pang-emerhensiyang pagpapaayos ng sasakyan o pagpaparehistro ng sasakyan na kapag hindi natugunan ay lilikha ng kahirapan para sa sambayan; at
- Kakayahang makapagpanatili ng pabahay/may planong ipinatutupad upang makapagpanatili ng pabahay na tutukuyin ayon sa kaso.
- **Paalala:** Maaaring mag-apply ang lahat ng residenteng nakakatugon sa mga kahingian para maging kwalipikado, anuman ang katayuan bilang mamamayan o katayuan sa dokumentasyon.

**SINO ANG MAAARI KONG KONTAKIN PARA SA DAGDAG NA IMPORMASYON?** Kontakin ang Ahensiya ng Pangunahing Serbisyo na naglilingkod sa inyong lugar para sa dagdag na impormasyon. Mas mainam ang pagkontak sa telepono sa panahong ito, kung maaari.

| Coastside Hope | Daly City Community Service Center | Fair Oaks Community Center | Pacifica Resource Center |
|---|---|---|---|
| 99 Avenue Alhambra<br>El Granada, CA 94018<br>**650.726.9071**<br>https://coastsidehope.org/ | 350 – 90th St., 1st Floor<br>Daly City, CA 94014<br>**650.991.8007**<br>http://www.dcpartnership.org/daly-city-community-service-center/ | 2600 Middlefield Road<br>Redwood City, CA 94063<br>**650.780.7500**<br>https://www.redwoodcity.org/about-the-city/covid-19-housing-resources | 1809 Palmetto Avenue<br>Pacifica, CA 94044<br>**650.738.7470**<br>https://www.pacresourcecenter.org/ |
| Lugar na Pinaglilingkuran: El Granada, Half Moon Bay, Montara, Moss Beach | Lugar na Pinaglilingkuran: Broadmoor, Colma, Daly City | Lugar na Pinaglilingkuran: Atherton, North Fair Oaks, Redwood City, Portola Valley, Redwood Shores, Woodside | Lugar na Pinaglilingkuran: Pacifica |
| **Puente de la Costa Sur** | **Samaritan House** | **Samaritan House South** | **YMCA** |
| 620 North Street<br>Pescadero, CA 94060<br>**650.879.1691**<br>https://mypuente.org/ | 4031 Pacific Boulevard<br>San Mateo, CA 94403<br>**650.347.3648**<br>https://samaritanhousesanmateo.org/ | 1836B Bay Road<br>East Palo Alto, CA 94303<br>**650.294.4312**<br>https://samaritanhousesanmateo.org/ | 1486 Huntington Avenue, Suite 100<br>South San Francisco, CA 94080<br>**650.276.4101**<br>https://www.ymcasf.org/community-resource-center-ymca |
| Lugar na Pinaglilingkuran: La Honda, Loma Mar, Pescadero, San Gregorio | Lugar na Pinaglilingkuran: Belmont, Burlingame, Foster City, Hillsborough, Millbrae, San Carlos, San Mateo | Lugar na Pinaglilingkuran: East Palo Alto, Menlo Park | Lugar na Pinaglilingkuran: Brisbane, San Bruno, South San Francisco |